**Antipona sa Komunyon** • *Lc 6:38*

**Date,** et dábitur vobis: mensúram bonam et confértam et coagitátam et supereffluéntem dabunt in sinum vestrum.

**Magbigay** kayo at kayo'y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo.

**Panalangin Matapos ang Komunyon**

**Pretiósi** Córporis et Sánguinis tui, Dómine, pasti delíciis, tuam súpplices deprecámur clementiam: ut, sancti Ioánnis Confessóris tui méritis et exémplis, eiúsdem caritátis imitatóres effécti, consórtes simus et glóriæ: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

**Binusog** nitong mahusay at mahal na Katawan at Dugo, pakumbaba kaming dumudulog sa Iyong habag, O Panginoon, upang sa mga karapatan at halimbawa ni San Juan na Iyong Confesor ay tularan din namin ang pag-ibig na ipinamalas niya't makibahagi sa Iyong kaluwalhatian. Sapagka't Ikaw ay nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

*Octubre 21*

## SAN HILARION,
## Abad

### SANTA URSULA AT MGA KASAMAHAN,
### Virgen at Martir

*Paggunita • Simple • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Iisang Confesor Os justi. *Ang paggunita kina* Santa Ursula at mga Kasamahan *ay mula naman sa* Misa Para sa Maramihang Virgen na Martir.

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Octubre 19*

## SAN PEDRO ALCANTARA
## Pari at Confesor

*III cl. • Doble • Puti*

*Ang Misa ay mula sa* Para sa Iisang Confesor Justus ut Palma *maliban rito:*

**Panalangin sa Misa (Kolekta)**

**Deus,** qui beátum Petrum Confessórem tuum admirábilis pœniténtiæ et altíssimæ contemplatiónis múnere illustráre dignátus es: da nobis, quǽsumus; ut, eius suffragántibus méritis, carne mortificáti, facílius cœléstia capiámus. Per Dóminum.

**O Dios,** ginawa Mong maluwalhati si San Pedro na Iyong Confesor sa biyaya ng natatanging pagpepenitensya at malalim na pagdidili-dili sa Iyong kamahalan: ipagkaloob mo nawa, pakundangan sa kaniyang pamamagitan, ay higit naming maunawaan ang mga bagay na makalangit bilang bunga ng pagpipigil sa damdaming makalaman. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Octubre 20*

## SAN JUAN CANTIUS
## Confesor

*Misa "Sub umbra"*
*III cl. • Doble • Puti*

**Pambungad na Antipona** • *Sir 18:2-3*

**Miserátio** hóminis circa próximum: misericórdia autem Dei super omnem carnem. Qui misericórdiam habet, docet et érudit quasi pastor gregem suum. — *Ps 1:1* Beátus vir, qui non ábiit in consílio impiórum, et in via peccatórum non stetit,

**Mahabagin** man ang tao sa kapuwa tao, subalit ang habag ng Dios ay sa lahat ng kinapal. May awa't habag siya, nagtuturo, umaakay, na waring isang pastol sa kaniyang pastulan. — *Salmo 1:1* Mapalad ang taong hindi nakikinig sa payo ng masama, at hindi sumusunod sa masama nilang halimbawa. Hindi siya nakikisama sa mga kumukutya at hindi

et in cáthedra pestiléntiæ non sedit. *V.* Gloria Patri. Miseratio.

nakikisangkot sa gawaing masama. *V.* Luwalhati sa Ama. — Mahabagin...

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Da,** quǽsumus, omnípotens Deus: ut, sancti Ioánnis Confessóris exémplo in sciéntia Sanctórum proficiéntes atque áliis misericórdiam exhibéntes; eius méritis, indulgéntiam apud te consequámur. Per Dóminum.

**Isinasamo** namin, O Dios na makapangyarihan, upang sa pagtulad namin sa halimbawa ni San Juan na Iyong Confesor ay umunlad din kami sa kabanalan at magpakita ng habag sa kapuwa nang aming makamtan ang Iyong pagpapatawad pakundangan sa kaniyang mga karapatan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### Sulat • *Jas 2:12-17*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago.

**Pinakamamahal:** Mag-ingat kayo sa inyong pagkilos at pananalita, sapagkat hahatulan kayo ayon sa kautusang nagpapalaya sa inyo. Walang awang hahatulan ang di-marunong maawa; ngunit mangingibabaw ang awa sa paghatol. Mga kapatid, ano ang pakinabang kung sabihin ng isang tao na siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya ito pinapatunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng ganoong uri ng pananampalataya? Halimbawa, may isang kapatid na walang maisuot at walang makain. Kung sasabihin ninyo sa kanya, "Patnubayan ka nawa ng Diyos; magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman ninyo siya binibigyan ng kanyang kailangan, ano ang silbi niyon? Gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 106:8-9; Ps 31:20*

**Confiteántur** Dómino misericórdiæ eius: et mirabília eius fíliis hóminum.
*V.* Quia satiávit ánimam inánem: et ánimam esuriéntem satiavit bonis.

**Purihin** nawa ng kinapal ang Poon dala ng habag Niyang dala: at pati ang mga magagandang bagay na ginawa Niya sa mga anak ng tao.
*V.* Sapagka't pinuno niya ang kanilang mga kaluluwa at binusog ang sila sa mabubuting bagay.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Manum suam apéruit ínopi: et palmas suas exténdit ad páuperem. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Bukas-palad siya sa mga dukha, at mapagbigay sa mga walang-wala sa buhay. **Aleluya.**

*Sa buong panahon ng* Pascua (Muling Pagkabuhay) *ang* Aleluya *at* Dakilang Aleluya *ay papalit sa* Gradual (Paningit na Awit)*:*

### Dakilang Aleluya • *Kaw 31:20; Ps 111:1*

**Allelúia, allelúia.** *V.* Manum suam apéruit ínopi: et palmas suas exténdit ad páuperem.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Bukas-palad siya sa mga dukha, at mapagbigay sa mga walang-wala sa buhay.

**Alleluia.** *V.* Beátus vir, qui timet Dóminum : in mandátis ejus cupit nimis. **Alleluia.**

**Aleluya.** *V.* Mapalad ang taong may takot sa Dios, at umiibig sa lahat ng Kaniyang mga ipinag-uutos! **Aleluya.**

*Ang Ebanghelyo ay mula sa Misa* Para sa Iisang Confesor Os justi.

### Antipona sa Pag-aalay • *Job 29:14-16*

**Justítia** indútus sum, et vestívi me, sicut vestiménto et diadémate, judício meo. Oculus fui cæco et pes claudo : pater eram páuperum.

**Katarungan** at katuwiran sinuot ko na waring dami ko't balabal. Para sa mga bulag, ako'y nagsilbing mata; at sa mga pilay, ako ang kanilang paa. Nagsilbi akong ama ng mga mahihirap, kahit di ko kilala ay aking nililingap.

### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Has,** quǽsumus, Dómine, hóstias sancti Ioánnis Confessóris tui méritis benígnus assúme: et præsta; ut, te super ómnia et omnes propter te diligéntes, corde tibi et ópere placeámus. Per Dóminum.

**Masintahin** mong tanggapin ang mga hain na ito, O Panginoon, at pakundangan kay San Juan na Iyong Confesor, nawa'y maging kalugod-lugod kami sa Iyo sa aming kalooban at paggawa bilang bunga ng pag-ibig namin sa Iyo sa lahat ng bagay at sa lahat ng nilalang. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...